



Kyo.Prot.N.38/2021

Mensahe mula sa Lubhang Kagalangalang Paul Otsuka Yoshinao, D.D sa mga Mananampalataya ng Doyosis ng Kyoto sa pagdiriwang ng Pentekostes taong 2021

Ginigiliw kong mga Kapatid sa Diyosis ng Kyoto,

Muli po nating sinalubong ang pag diriwang ng Dakilang Kapistahan ng Pentekostes o ang Pagbaba ng Espiritu Santo sa mga Apostoles, sa gitna ng pagpapatuloy ng pandemyang COVID-19.

Sa ikatlong pagkakataon, ang gobyerno ay nag deklarang ng *“State of Emergency”* na nagdulot ng pasamantalang suspensyon ng Banal na Misa at iba pang gawaing espiritwal sa mga lalawigan ng Kyoto, Nara, Shiga at Mie na siyang nasasakupan ng Diyosis ng Kyoto. Ang kapistahang ito ay nag aanyaya sa atin na mag diwang, umaasa at patuloy na manalangin na sa biyaya ng Espiritu Santo, tayo ay biyayaan ng malakas na pangangatawan, maayos na kabuhayan at kalakasan ng loob sa kabila ng pagsubok na ito.

Tayo ay manalangin, na ang Espiritu Santo ay patuloy tayong biyayaan ng pag-asa. Gaya nang nabanggit ni San Pablo Apostol sa kanyang liham sa mga taga Roma 15:13 “Ipagkaloob nawa sa inyo ng Diyos ng pag-asa ang pagsampalataya at punuin kayo ng kagalakan at kapayapaan, at sumagana ang inyong pag-asa sa bisa ng Espiritu Santo.” Sa aking mensahe sa ating pagdiriwang ng Bagong Taon, 2021, na pinamagatang “Protektahan ang lahat ng Buhay: Ang Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Panahon ng Corona”, inanyayahan ko ang lahat na samasama nating pag nilayan ang kahalagahan ng Pag-asa.

“Sa pagkakaroon lamang ng pag-asa sa hinaharap mararamdaman ng isang tao ang kasalukuyan na may kahulugan at isabuhay ng may kagalakan. Sa pagtitiwala sa kinabukasan kaya nating mabuhay sa ngayon. Kahit sa sitwasyon ngayon na kung saan hindi natin makita ang kumpletong katapusan ng salot na corona, dapat nating alalahanin ang kahalagahan ng pag-asa, pagtitiwala sa plano ng Diyos. Hindi natin agad maunawaan ang kahulugan ng pagdurusa. Ang taong nagdurusa kahit na tumatawag sa Diyos ay nangangailangan ng panahon para matuklasan ang kahalagahan ng pagdurusa. Ang pag-asa ng mga Kristiyano ay nagmumula sa paniniwala na kahit sa simula ng ating pagdurusa o kahit sa kasalukuyan ng pagdurusa, ang Diyos ay magbibigay ng kaginhawahan at kapangyarihan upang mabata ito. At sa tuwing nalalampasan natin ang pagdurusa ang ating Kristiyanong pananampalataya ay lumalago ng mas malakas.”

Ang pagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Pentekostes ay ang pag silang ng Simbahan. Hingin natin ang panalangin ni San Jose, ang patron ng Simbahan, na sa kabila ng pag papatuloy ng pansamantalang suspensyon ng Banal na Misa, na tayong sumusunod kay Kristo sa Diyosis ng Kyoto, ay mapahalagahan ang diwa ng pag kakaisa at mapuspos tayo ng biyaya ng Espiritu Santo. Nawa, ang nangangailangan, binabaliwala, mahihirap at mga nag durusa, ay makatagpo ng lakas ng loob at tulong sa biyaya at pag gabay ng Espiritu Santo, ang ating taga pagtanggol at tagapag kalinga.

+ Paul Yoshinao Otsuka, D.D
Obispo ng Diyosis ng Kyoto
Dakilang Kapistahan ng Pentekostes May 23, 2021